

Mangkok

May mangkok sa mesa.
Nilagyan ito ni Nanay ng
kanin. Mainit ang
kanin. Maingat na kumain si
Liza ng kanin at ulam.
Naubos ang kanyang
pagkain.

Mga Tanong:

1. Ano ang nasa mesa?
2. Sino ang naglagay ng kanin sa mangkok?
3. Ano ang laman ng mangkok?
4. Ano ang nangyari sa pagkain ni Liza?

Plato

May malinis na plato si Ben. Ginamit niya ito sa tanghalian. Nilagay niya ang isda roon. Kumain siya nang maayos. Iniligpit niya ang plato.

Mga Tanong:

1. Ano ang mayroon si Ben?
2. Kailan niya ginamit ang plato?
3. Ano ang inilagay sa plato?
4. Ano ang ginawa ni Ben pagkatapos kumain?

Kutsara

May hawak na kutsara si Mila. Ginamit niya ito sa pagsubo. Hindi siya nagmamadali. Hindi rin natapon ang pagkain. Masaya siyang kumain.

Mga Tanong:

1. Ano ang hawak ni Mila?
2. Para saan ang kutsara?
3. Paano kumain si Mila?
4. Ano ang naramdaman niya?

Tinidor

May tinidor sa hapag-kainan. Ginamit ito ni Carlo sa pansit. Mabuti ang kanyang paghawak. Hindi nahulog ang pagkain. Naubos niya ang pansit.

Mga Tanong:

1. Ano ang nasa hapag-kainan?
2. Sino ang gumamit ng tinidor?
3. Ano ang kinain niya?
4. Ano ang nangyari sa pagkain?

Sandok

May sandok sa kusina.
Ginamit ito ni Tatay sa
kanin. Isinalin niya ang
kanin sa kaldero. Mainit ang
kanin. Naghanda sila para
kumain.

Mga Tanong:

1. Ano ang nasa kusina?
2. Sino ang gumamit ng sandok?
3. Para saan ginamit ang sandok?
4. Ano ang ginawa nila pagkatapos?

Kawali

May kawali sa kalan.
Nagprito si Nanay ng itlog.
Umiinit ang kawali. Amoy
na amoy ang luto. Handa
na ang almusal. Kumain
ang mag-anak ni Nanay.

Mga Tanong:

1. Ano ang nasa kalan?
2. Sino ang nagprito ng itlog?
3. Ano ang ginamit sa pagluto?
4. Ano ang handa na?